

# PAANO AKO MAKAKAKUHA NG PAGKILALA PARA SA AKING MGA PROPESEYON NA KUWALIPIKASYON UPANG MAKAPAGTRABAHO SA GERMANY?

Nakapagtapos ka ng pag-aaral o vocational training sa bansang hindi kabilang sa EU at ngayon ay nais mong magtrabaho sa Germany. Ang mga sumusunod na hakbang ay makatutulong sa iyong makakakuha ng pagkilala para sa iyong mga kuwalipikasyon:



## UPANG MALAMAN ANG IYONG REGULATED O NON-REGULATED REFERENCE OCCUPATION

- Pagkilala sa Germany** • Alamin ang iyong reference occupation gamit ang Recognition Finder sa [www.anererkennung-in-deutschland.de](http://www.anererkennung-in-deutschland.de)
- Anabin** • Mga impormasyon para sa mga university degree sa ibang bansa sa [www.anabin.kmk.org](http://www.anabin.kmk.org)
- Make it in Germany** • "Working and Living in Germany Hotline" sa [www.make-it-in-germany.com](http://www.make-it-in-germany.com)

### MGA MAAARING TRABAHO PARA SA MGA AKADEMIKO

Sa ngayon ay maaari na ring makapagtrabaho sa Germany ang mga dayuhang akademiko sa mga posisyong nangangailangan ng pormal na pagsasanay. Alamin ang mga trabahong maaari mong pasukan sa Germany gamit ang iyong natapos o pinag-aralan s [www.berufenet.arbeitsagentur.de](http://www.berufenet.arbeitsagentur.de).

## IKAW BA AY ISANG AKADEMIKO NA MAYROONG NON-REGULATED REFERENCE OCCUPATION O TRABAHO SA SEKTOR NG INFORMATION TECHNOLOGY?

HINDI

## PROSESO NG PAGKILALA

Palaging iba't iba at depende sa kaso ang proseso ng pagkilala. Sumasalilim ito sa mga regulasyon kung saan kinakailangang makipag-ugnay sa iba't ibang pampublikong serbisyo. Nagtatagal ang proseso nang hanggang apat na buwan at kadalasang nagkakahalaga nang mula €100 hanggang €600.

Matatagpuan ang karagdagang impormasyon sa [www.anererkennung-in-deutschland.de](http://www.anererkennung-in-deutschland.de)

### ANO ANG MAAASAHANG OPISINA PARA SA PAGKILALA NG MGA KUWALIPIKASYON SA AKING PROPESEYON?

Gamitin ang Recognition Finder sa [www.anererkennung-in-deutschland.de](http://www.anererkennung-in-deutschland.de) upang malaman kung aling opisina ang maaasahan para sa pagkilala ng iyong mga kuwalipikasyon at kung aling mga dokumento ang iyong kinakailangan.

### KAILANGAN IPASALIN NANG MAY SERTIPIKASYON ANG IYONG MGA DOKUMENTO

Alamin kung alin ang mga dokumento ang kailangang ipasalin nang may sertipikasyon kasama. Hal. diploma at mga reference sa trabaho. May makikita kang listahan ng mga sertipikadong tagapagsalin sa [www.justiz-dolmetscher.de](http://www.justiz-dolmetscher.de).

### APLIKASYON PARA SA EQUIVALENCE ASSESSMENT

### PAGPAPABILIS NG PROSESO

Kung mayroon ka nang alok na trabaho sa Germany, maaaring mag-apply ang iyong prospektibong employer na mapabilis ang proseso ng pagkilala bilang skilled worker o dalubhasa. Nagtatagal ito nang hindi bababa sa apat (4) na buwan at nagkakahalaga ng €411 (sagot ng employer).

### STATEMENT OF COMPARABILITY FOR FOREIGN HIGHER EDUCATION QUALIFICATIONS

Upang makapagtrabaho sa isang non-regulated reference occupation, kailangan lamang makakuha ng mga akademiko ng "Statement of Comparability for Foreign Higher Education Qualifications". Matatagpuan ang karagdagang impormasyon sa Anabin ([www.anabin.kmk.org](http://www.anabin.kmk.org)) o sa ZAB ([www.kmk.org/zab](http://www.kmk.org/zab)).

### MGA TRABAHO SA IT

Maaaring makakuha ng residence permit ang mga dalubhasa sa IT kahit walang anumang pormal na propesyonal na kuwalipikasyon.

**Mga kinakailangan para sa pahintulot ng Federal Employment Agency:** Karanasan sa trabaho sa propesyon ng IT nang hindi bababa sa tatlong (3) taon (sa loob ng nakaraang pitong (7) taon), suweldo na hindi bababa sa 60% ng taunang social security contribution assessment ceiling sa ilalim ng pension scheme na itinakda sa batas, at kasanayan sa wikang German na nasa B1 level.

### POSITIBO

Full equivalence: lubusang kinikilala ang iyong mga kuwalipikasyon

### BAHAGYANG POSITIBO

Substantial differences/ Mahahalagang pagkakaiba: Ang iyong mga propesyonal na kuwalipikasyon sa ibang bansa at ang mga katumbas nitong kuwalipikasyon sa Germany ay magkatulad sa ilang aspekto, ngunit hindi lahat.

Para sa gabay sa mga kinakailangang hakbang upang makakuha ng lubusang pagkilala, makipag-ugnay sa IQ Network ([www.netzwerk-iq.de](http://www.netzwerk-iq.de)).

### NEGATIBO

No equivalence: Ang iyong mga kuwalipikasyon sa ibang bansa ay hindi malihambing sa mga katumbas nitong kuwalipikasyon sa Germany. Hindi natanggap ang iyong aplikasyon.

Upang malaman kung ano na ang iyong dapat gawin, kumonsulta sa IQ Network ([www.netzwerk-iq.de](http://www.netzwerk-iq.de)).

## TRAINING SA GERMANY UPANG MAKAKUHA NG MGA PROPESEYON NA KUWALIPIKASYON

Maaari kang mag-apply ng **visa upang makapasok** sa Germany para sumailalim sa training upang makakuha o magpabuti sa iyong mga propesyonal na kasanayan. Nakadepende ang iyong mga kakailanganin sa kung ikaw ba ay mayroon nang **siguradong alok na trabaho**:

HINDI

- Katibayan ng enrolment sa training program at pagbayad ng mga fee
- Siguradong mapagkukunan ng kabuhayan (maaari kang magtrabaho nang part-time nang hanggang sampung oras kada linggo)
- Pahintulot mula sa Federal Employment Agency
- Kasanayan sa wikang German (karaniwan ay kinakailangang nasa A2 level)

OO

- Katibayan ng enrolment sa training program at pagbayad ng mga fee
- Pahintulot mula sa Federal Employment Agency
- Kasanayan sa wikang German (karaniwan ay kinakailangang nasa A2 level)

Sa iyong pagdating sa Germany, maaari mong papalitan ang iyong entry visa at gawin itong **residence permit** na may bisa hanggang labingwalong (18) buwan, na pagkatapos ay maaaring i-renew nang hanggang dalawampu't apat (24) na buwan.

### KASANAYAN SA WIKANG GERMAN

Hindi bahagi ng training program ang mga kurso sa wikang German. Maaari kang makahanap ng tamang kurso para sa antas ng iyong kasanayan sa [www.goethe.de](http://www.goethe.de).

### PAG-A-APPLY SA TRABAHO

Maaari kang mag-apply sa kahit anong trabaho na ikaw ay kuwalipikado. Iyong matatagpuan ang impormasyon hinggil sa mga oportunidad at trabahong mapapasukan sa hal. ang Federal Employment Agency ([www.arbeitsagentur.de](http://www.arbeitsagentur.de)) at ang "Make it in Germany" ([www.make-it-in-germany.com](http://www.make-it-in-germany.com)). N.B. Para sa ilang okupasyon, kailangan mo munang makapasa sa isang test ng kaalaman at sa teknikal na kasanayan sa wikang German.

### VISA FOR JOB-HUNTING PURPOSES

Maaari kang mag-apply ng visa para makapaghanap ng trabaho sa Germany sa loob ng anim (6) na buwan.

**Mga kinakailangan:** Pahintulot ng Federal Employment Agency, kasanayan sa wikang German na hindi bababa sa B1 level, pagkilala ng iyong mga kuwalipikasyong mula sa ibang bansa o malihambing ito sa katumbas na kuwalipikasyon sa Germany, at ang iyong siguradong mapagkukunan ng kabuhayan. Maaari kang magtrabaho nang hanggang sampung (10) oras kada linggo na trial basis.

### APLIKASYON NG (ENTRY) VISA SA IYONG SARILING BANSANG UPANG MAKAPAGTRABAHO SA GERMANY

**German embassy** • Alamin nang maaga ang mga kinakailangang dokumento at babayaran. Matatagpuan ang maaasahang diplomatikong misyon ng Germany sa iyong bansa sa [www.auswaertiges-amt.de](http://www.auswaertiges-amt.de).

### TEKNIKAL NA KASANAYAN SA WIKANG GERMAN

Nangangailangan ang ilang propesyon ng partikular na sertipikasyon para sa language proficiency. Para sa impormasyon kung aling level at sertipikasyon ang kinakailangan sa iyong propesyon, makipag-ugnay sa IQ Netzwerk counselling service ([www.netzwerk-iq.de](http://www.netzwerk-iq.de)).

### APLIKASYON SA GERMANY PARA SA RESIDENCY NA MAY WORK PERMIT

**Immigration Office (Ausländerbehörde)** • Para sa impormasyon at pagpapalitan ng **gawin** centre sa iyong lugar sa "Mein Weg nach Deutschland" [www.goethe.de/mw/nd](http://www.goethe.de/mw/nd)

Ang infographic ay pinasimpleng representasyon ng upang magsilbing gabay sa proseso ng pagkilala. Hindi ito naglalaman ng kahit anumang pahayag na may bias legal.